Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
CREATIVE WORK

# Meditasyon

Radney Ranario
National University, Manila

### Abril 2020: Panahon ng Kwarantina

Aakalain mong
hindi ito buwan
ng sakuna:

Bukad ang pakpak,
ikinukunday ng mga kalapati
ang birtud ng balahibo;

Hinahamon ng mga tabanog
ang hangin,
sariling hinahon;

Isinisiyap ng mga maya
ang balanse sa pagtungtong
sa laylay na kawad.

Samantala, nakapiit kami
sa alinsangan ng maghapon
sa sariling silid.

Inuusisa ang huling bilang
ng mga nahawa't pumanaw
sa kumakalat na salot.

### Linggo, Enero, 2021

Para lamang itong karaniwang gabi
Ng maiingay na huntahan at videoke
Ng mga lasing. Kailangang magdiwang
Dahil bertdey ng apo, anak, asawa
O kung anong maaaring ipagdiwang
Sa gitna ng pandemya at kamatayan.

Dito, sa loob ng bahay,
Walang maskarang nakasampong sa bibig,
Walang plastik na tumatakip sa mata,
Walang aali-aligid na panganib,
Walang nag-aabang na agam-agam
Tulad ng tuwi-tuwinang pagsikad ng paa
Palabas ng pinto o tarangkahan.
Isinisilid ng pagtitipon sa sala't kusina
Ang kalayaan mula sa sakuna
Sa labas ng bahay.


Corresponding Author: roranario@national-u.edu.ph

Tara, lumimot tayo’t maglibang!
Aanhin ang limi ng mortalidad
Sa harap ng pansit, adobo, kaldereta, alak?

## Lansi

Maaari nating lansihin ang mga sarili
Sa ilusyon. Halimbawa’y isiping
Makukuyom ng isip ang mga bagay-bagay,
Pangyayari; o mapakakawalan tulad ng sa palad
Sa pagbubuka ng mga daliri ano mang oras
Ang ikinuyom. Maaaring magawa ito
Sa isang unat ng panahon, na mahaba man,
Napipigtal nang kusa sa dulo.
Dahil hindi ilusyon ang pagkapigtal,
Pinapalis ito sa hinagap para idiin ang gahom
Ng sariling pasya at kapritso.

Gayunman, dumaratal ang mga ‘di inaasahan.
Bigla, maiisip mong kahit mabubulas na mga puno
Na may mabubulas na katawan at sanga,
Hindi mapigil ang paninilaw ng mga dahon
At pagdaka, ang pagsadsad ng mga ito sa lupa.

Dahil umiiwas tayo sa lahat ng uri ng pagsadsad
At pagkadurog ng marurupok na mga dahon,
Kumakapit tayo sa lakas ng kahinaang mortal
Na lansihin ang mga sarili sa abot nang makakaya.